

Ika-26 ng Hulyo
Araw ng Esperanto, araw ng Katarungang Pangkapayapaan
Bakit Araw ng Esperanto?
Bakit mahalaga ito para sa buong daigdig ngayon?



Noong ika-26 ng Hulyo 1887, lumabas ang kauna-unahang aklat tungkol sa *pandaigdigang wikang Esperanto*. Hinihikayat namin ang paggamit ng Esperanto para sa ugnayan sa pagitan ng mga taong may magkakaibang wikang kinagisnan upang tiyaking pantay-pantay ang lahat at walang nakalalamang sa kanilang pag-uusap at nang sa gayon ay maging patas ang kanilang komunikasyon. Walang sinumang may ituring ang sariling mas magaling o nakatataas kaysa sa iba.

Hinihikayat naming mga mananalita ng wikang Esperanto ang buong daigdig na ipagdiwang ang ika-26 ng Hulyo bilang araw ng Katarungang Pangwika at ng patas na ugnayan sa pagitan ng mga kultura, bayan, at lahi. Ang patas na komunikasyon ay nangangahulugang may kakayahan ang bawat kasali sa usapan na ipahayag ang kanyang sarili sa kaparehong antas ng wika tulad ng iba. Taliwas ito sa sitwasyon kung saan pinapayagang ang isang tao gamitin ang kanyang sariling wika habang kailangan namang gumamit ng ibang tao ng hindi nila sariling wika para lang sila ay maunawaan. Sa kasong ito, malinaw na hindi pantay ang komunikasyon.

Tuwing pinapanigan natin ang paggamit ng iisa o iilang partikular na wika kaysa sa iba, ipinahihwatig nating mas mahalaga at mas nakatataas ang mga mananalita ng mga wikang iyon. Sa ganitong pagpanig, isinasantabi o hinaharangan natin ang ibang taong makilahok sa pulitika, edukasyon, pakikipag-negosyo, at iba pang mga aspeto ng buhay panlipunan. Pinaiiigting nito ang sosyoekonomikong di-pagkakapantay-pantay sa pagitan ng iba't ibang grupo o sektor ng tao.

May mga *pangwikang karapataong pantao* at mayroon ding mga *karapatang pantaong may pangwikang nilalaman*. Ang kalayaan sa pagpapahayag sa sarili at ang karapatang gamitin ang kanyang sariling wika ay dalawang bagay na hindi mapaghihiwalay.

Ipinakikita ng iba't ibang karanasan sa buong daigdig na pinalalawak ng polisiya ng paggamit ng maraming wika ang mga oportunidad para sa mga tao ukol sa iba't ibang bagay. Ang kailangan ng isang pantay na daigdig ay isang formula na kumikilala sa paggamit ng lahat ng wika, na siya ring iminumungkahi ng UNESCO: *wikang kinagisnan, wikang pambansa o panrehiyon, at wikang pandaigdigan*.

a) *Wikang Kinagisnan o Inang Wika*. Nais ng kahit sinong magamit ang kanyang wikang kinagisnan sa anumang sitwasyon, kahit pa hindi ito ang pambansa o pandaigdigang wika. Karapatan ng bawat bata sa paaralang primarya na maturuan gamit ang wikang kanyang ginagamit sa tahanan.

b) *Wikang pambansa/panrehiyon*. Pinadadali ng wikang ito ang pag-uusap ng mga mamamayan mula sa iba't ibang lokal na wika - tulad na lamang ng Swahili para sa mga bansa sa Silangang Africa, kung saan iba-ibang wika rin ang ginagamit.

c) *Wikang pandaigdigan*. Sa panahong kung saan mas madali na ang pandaigdigang talastasan, karapatan dapat ng lahat na gumamit ng isang *neutral o walang kinikilingang pandaigdigang wika*, na siyang naglalagay sa lahat sa isang pantay na lebel, lalo na sa usapin ng pandaigdigang ugnayan at pagpapalitang pangkultura.

Dapat na kilalanin ng lahat ng mga pamahalaan ang lahat ng mga wikang ginagamit ng mga tao at padaliin ang pagtuturo at paggamit ng mga ito sa pang-araw-araw na pamumuhay. May kanya-kanyang bersyon ang bawat bansa tungkol sa paggamit ng maraming wika. Habang maaari at kanais-nais na manatiling “walang pinapanigan” ang estado sa usapin ng etnisidad at relihiyon, iba naman sa kaso ng mga wika. Habang kailangan ng sangkatuhan at ng mga mamamayan ng bawat bansa ng isang “common language” upang tiyaking magkakaintindihan ang lahat at

may mabisang komunikasyon, karapatan din naman nilang gamitin ang kani-kanilang sariling wikang kinagisnan.

Ang *pandaigdigang wikang Esperanto* ay isang wikang walang pinapanigan, at nagbibigay-daan ang paggamit nito sa pagsusulong ng pangwikang karapatang pantao sa pandaigdigang antas.

– *“Sa lahat ng mga ‘likhang-wika’ sa buong daigdig, ang Esperanto ang kasalukuyang pinakakilala at pinakagamit ng maraming tao. Para sa akin, may sari-sari itong pakinabang, kung mas seseryosohon lang sana ito ng mga tao. ...Mas maikling oras ang kailangan upang aralin ang Esperanto kung ihahambing sa mga ‘natural’ na wika, dahil regular at lohikal ito, at wala itong mga eksepsyon. Gayunman, kaya pa ring ipahayag ng sinumang gumagamit nito kung ano man ang nais nilang ipahayag [...]”* – ayon sa kilalang linggwista na si [Dr. Tove Skutnabb-Kangas](#).

Bukod pa diyan, hinahadlangan din ng Esperanto ang hegemoniya o paghahari ng mga makakapangyarihang bansa sa daigdig sa kasalukuyan.

– *“Ang paglinang sa mga karapatan ng mga mananalita ng lahat ng wika ay ang layunin kung saan malaki ang ambag ng wikang Esperanto”* – ayon sa isa pang kilalang linggwista, si [Dr. Robert Phillipson](#).

Ngayon na ang panahon upang iwan ang kasalukuyan nating kaisipan at bigyang-daan ang pagkakapatas sa pagitan ng lahat ng mamamayan ng buong daigdig.

Ang **ESPERANTO** ay ang susi sa pagkamit ng patas na komunikasyon.

Para sa pagdiriwang ng ARAW NG ESPERANTO, ika-26 ng Hulyo 2022.

*El Esperanto en la Filipinan lingvon tradukis: **Albert Stalin Garrido***



Esperanto sa Pilipinas – Filipinoj

<https://www.facebook.com/groups/Eo.Filipinoj>



Philippine Esperanto Youth

<https://www.facebook.com/FEJEsperanto/>



Filipina Esperanto-Junularo

@FEJEsperanto

<https://twitter.com/FEJEsperanto>



Filipina Esperanto-Junularo

<https://www.instagram.com/FEJEsperanto/>



Universala Esperanto-Asocio

(en oficialaj rilatoj kun UN kaj Unesko)

www.uea.org



الحقوق اللغوية
DERECHOS LINGÜÍSTICOS
DROITS LINGUISTIQUES
语言权 LINGUISTIC RIGHTS



Lingvaj Rajtoj
karapatan sa wika

www.linguistic-rights.org

<http://www.linguistic-rights.org/esperanto-tago/esperanto-tago-2022.html>